

Impormasyon ng Pasyente

Apelyido: _____ Pangalan: _____ Middle Initial: _____

Petsa ng Kapanganakan: ____/____/____ Dating Pangalan: _____ Cell Phone: _____

Telepono: _____ Email: _____ Social Sec. #: _____

Address: _____ Karagdagang Address (Unit, Bldg, atbp.): _____

Lungsod: _____ Estado: _____ Zip Code: _____ County: _____

Estado sa Pag-aasawa (*pumili ng isa*):☐ Single ☐ May Asawa ☐ Diborsyado/a ☐ Balo ☐ HiwalayPrimary Language (*pumili ng isa*):☐ Ingles ☐ Espanyol ☐ Tagalog ☐ Ipa Pang Wika (Tukuyin): _____

Nangangailan ka ba ng espesyal na tulong?

☐ None ☐ Sign language ☐ Interpreter ng Wika ☐ Iba Pa (Tukuyin): _____Paano ka namin makokontak? (*piliin lahat ng naaangkop*):☐ Telepono ☐ Text Message ☐ Email ☐ Koreo (Post Mail)Kasarian sa Pagkasilang (*pumili ng isa*):☐ Lalaki ☐ BabaeSekswal na Oryentasyon (Sexual Orientation) (*pumili ng isa*):☐ Straight o Heterosexual ☐ Lesbiana, Bakla o Homosexual ☐ Bisexual
☐ Iba pa: _____ ☐ Pinipiling Hindi SagutinPagkakakilanlan sa Kasarian (Gender Identity) (*pumili ng isa*):☐ Lalaki ☐ Babae ☐ Transgender na Lalaki ☐ Transgender na Babae
☐ Iba pa: _____ ☐ Pinipiling Hindi SagutinLahi (*piliin lahat ng naaangkop*):

☐ Indian (Asyano)	☐ Iba pang Asyano (Pakilagay): _____	☐ Itim/Aprikano Amerikano
☐ Tsino		☐ Katutubong Amerikano/ Katutubo ng Alaska
☐ Pilipino	☐ Katutubong Hawaiian	☐ Puti
☐ Hapones	☐ Iba pang Taga-Isla sa Pasipiko	☐ Piniling hindi ibunyag
☐ Koreano	☐ Guamanian/Chamorro	
☐ Biyetnames	☐ Samoan	

Etnisidad (*pumili ng isa*):

☐ Mexican, Mexican American, Chicano/a	☐ Iba pang Hispanic Latino/a o Pinagmulang Espanyol
☐ Puerto Rican	☐ Hindi Hispanic Latino/a o Pinagmulang Espanyol
☐ Cuban	

Ikaw ba ay kasalukuyang walang permanenteng tirahan?

☐ Oo (*Pumili ng isa sa mga sumusunod*)

☐ Hindi

☐ Silungan (Shelter)

☐ Transitional Housing (*Pansamantala akong nakatira habang naghahanap ng permanenteng tirahan*)

☐ Doubling Up (*Nakatira ako kasama ang ibang tao*)

☐ Nasa Lansangan (Street)

☐ Permanent Supportive Housing (*Pangmatagalang tirahan na may social worker/case manager*)

Manggagawang Agrikultural (*pumili ng isa*):

☐ Migrant

☐ Seasonal

☐ N/A

Katayuang Militar (Military Status): *Itinuturing mo ba ang iyong sarili na isang Beterano ng U.S Military?*

☐ Oo

☐ Hindi

Pangunahing Health Insurance (Seguro sa Kalusugan)

Pangalan ng Insurance: _____ Plan (kung naangkop): _____

Numero ng Grupo: _____ Subscriber ID: _____

Pangalan ng nakaseguro (ayon sa nakalagay sa insurance card o ID): _____

Relasyon ng Pasyente sa Nakaseguro: ☐ Sarili ☐ Asawa ☐ Anak ☐ Iba pa: _____

Pangalawang Health Insurance (Seguro sa Kalusugan)

Pangalan ng Insurance: _____ Plan (kung naangkop): _____

Numero ng Grupo: _____ Subscriber ID: _____

Pangalan ng nakaseguro (ayon sa nakalagay sa insurance card o ID): _____

Relasyon ng Pasyente sa Nakaseguro: ☐ Sarili ☐ Asawa ☐ Anak ☐ Iba pa: _____

Legal na Tagapangalaga o Taong Tagapagbayad (kung iba sa pasyente)

Apelyido: _____ Pangalan: _____ Petsa ng Kapanganakan: ____ / ____ / ____

Address: _____ Karagdagang Address (Unit, Bldg, atbp.): _____

Lungsod: _____ Estado: _____ Zip Code: _____ Num. ng Telepono: _____

Relasyon sa Pasyente: _____ Social Security #: _____

Pang-emergency na kontak

Pangalan: _____ Num. ng Telepono: _____ Relasyon sa Pasyente: _____

Pirma ng Pasyente/Legal na Tagapangalaga: _____ Petsa: _____

Pangalan ng Pasyente/Legal na Tagapangalaga: _____ Relasyon sa Pasyente: _____

Kahulugan ng mga Termino (Glosario)

Manggagawang agrikultural:

- Migratory na manggagawang agrikultural: Mga indibidwal na nagtatrabaho sa agrikultura at kailangang patuloy na magbibiyahen sa iba't ibang rehiyon upang makapagtrabaho.
- Seasonal na manggagawang agrikultural: Mga indibidwal na nagtatrabaho sa agrikultura o sa isang seasonal na basehan at HINDI nakakatugon sa kahulugan ng migratory na agrikultural na manggagawa.

Etnisidad: Isang tao na nabibilang sa isang grupo o subgroup ng populasyon na binubuo ng mga taong may magkakatatulad na kultural na background o pinagmulan; maaaring:

- Hispanic Latino/a o Pinagmulang Espanyol: Mexican, Mexican American, Chicano/a, Puerto Rican, Cuban
- Hindi Hispanic Latino/a o Pinagmulang Espanyol
- Hini inireport/Pinipiling hindi isiwalat ang etnisidad

Walang Tirahan (Homeless): Naglalarawan sa isang indibidwal na walang ligtas at secure na pabahay sa gabi kung saan ang lokasyon ay hindi akma para tirahan ng isang tao (hal. kalye, field, inabandonang gusali).

Kalagayan sa Tirahan (para sa Walang Tirahan):

- Shelter: Karaniwang nagbibigay ng pansamantalang matutuluyan at pagkain sa mga nangangailangan, ngunit kadalasan ay may limitasyon sa bilang ng mga araw o oras na maaaring manatili ang isang tao rito.
- Transitional Housing: Isang uri ng pansamantalang pabahay na tumutulong sa mga tao na makalipat sa permanente at matatag na tirahan.
- Doubling Up: Naninirahan kasama ng ibang tao/pamilya. Pansamantala lang ang ganitong kaayusan at hindi matatag.
- Street: Naninirahan sa labas, sa sasakyan, sa kampo ng mga walang tirahan, sa pansamantala o improbisadong matutuluyan, o sa iba pang mga lugar na karaniwang hindi maituturing na ligtas o angkop para panirahan ng tao.
- Permanent Supportive: Pangmatagalang pabahay na may mga suportang serbisyo (tulad ng social worker o case manager), walang takdang panahon ng paninirahan, at maaaring para sa mga taong may kapansanan o iba pang espesyal na pangangailangan.
- Hindi alam: Nakararanas ng kawalan ng tirahan, ngunit hindi alam ang kasalukuyang kalagayan o lokasyon ng kanyang tirahan.

Katayuang Militar (Military Status): Saklaw nito ang mga taong nagsilbi sa aktibong tungkulin sa militar ng Estados Unidos (Air Force, Army, Coast Guard, Marines, Navy, o Space Force) at na-discharge na mula sa serbisyo. Kasama rin ang mga nagsilbi bilang commissioned officer ng Public Health Service o NOAA, gayundin ang mga miyembro ng National Guard o Reserves na nagsilbi sa active duty.

Race: Pisikal o panlipunang pagkakakategorya ng isang tao na maaaring nakabatay sa pinagmulan, pagmamana ng katangian, o genetika. Kabilang dito ang:

- Asyano: Asian Indian, Chinese, Filipino, Japanese, Korean, Vietnamese, Other Asian
- Katutubong Hawaiian/Iba pang Taga-Isla sa Pasipiko: Guamanian or Chamorro/Samoan
- Puti/Caucasian
- Itim/Aprikano Amerikano
- Katutubong Amerikano / Katutubo ng Alaska
- Higit sa isang lahi
- Hindi iniulat / Piniling hindi ibunyag ang lahi

Sekswal na Oryentasyon at Pagkakakilanlan ng Kasarian (Sexual Orientation and Gender Identity - S.O.G.I):

- **Kasarian sa Pagkasilang (Birth Sex):** Ang iyong kasarian noong ikaw ay ipinanganak (lalaki or babae)
- **Pagkakakilanlan ng Kasarian:** Kung paano mo nararamdaman ang iyong sarili bilang isang lalaki/lalaki o babae/babae at maaaring iba kaysa sa iyong kasarian sa kapanganakan.
 - Transgender na Babae: Lalaki sa kapanganakan na kumikilala bilang babae.
 - Transgender na Lalaki: Babae sa kapanganakan na kumikilala bilang lalaki.
- **Sekswal na Oryentasyon:** Paano mo inilalarawan ang iyong personal (emosyonal at pisikal) na atraksyon sa iba.
 - Heterosexual: Lalaking nagkakagusto sa babae; at babaeng nagkakagusto sa lalaki
 - Bakla: Lalaking nagkakagusto sa kapwa lalaki.
 - Lesbiana: Babaeng nagkakagusto sa kapwa babae.
 - Bisexual: Taong nagkakagusto sa parehong lalaki at babae.

PANGKALAHATANG PAHINTULOT AT PAGKILALA NG PASYENTE

Buong Pangalan ng Pasyente: _____

Petsa: _____ **Petsa ng Kapanganakan:** _____

Ang Pangkalahatang Pahintulot at Pagkilala ng Pasyente na ito ay nagbibigay ng impormasyon tungkol sa mga serbisyong pangkalusugan ng Opsam Health at iba pang mga abiso, kabilang ngunit hindi limitado sa telehealth, pagkapribado, at mga karapatan sa rekord ng pangangalagang pangkalusugan ng pasyente/magulang o legal na kinatawan. Hihilingin sa ilang abiso sa ibaba na tanggapin ninyo ang kahilingan (lagyan ng tsek ang OO) o tanggihan ito (lagyan ng tsek ang HINDI).

Sa paglagda sa ibaba, pumapayag ang pasyente/magulang o legal na kinatawan sa pangangalagang pangkalusugan na tinalakay sa ibaba. Bukod dito, sa paglagda sa ibaba, kinikilala at sinasang-ayunan din ng pasyente/magulang o legal na kinatawan ang iba pang tinukoy na mga tuntunin at kondisyon maliban kung piliin ng pasyente/magulang o legal na kinatawan ang tinukoy na opsiyong tanggihan ang kahilingan (lagyan ng tsek ang HINDI).

1. Pahintulot sa Pangangalaga

Sa paglagda sa ibaba, nauunawaan at sinasang-ayunan ng pasyente/magulang o legal na kinatawan na:

- Nagbibigay ang Opsam Health ng pangunahing pangangalaga, pangangalagang pang-iwas, espesiyadong pangangalagang pangkalusugan, mga serbisyo sa kalusugang pangkaisipan at pag uugali at mga serbisyong dental.
- Ipapaliwanag ng klinisyan ng pasyente ang kondisyon ng pasyente, inirerekomendang pangangalaga, at mahahalagang panganib, benepisyo, at makatwirang alternatibo kapag kinakailangan. Maaaring magtanong ang pasyente/magulang o legal na kinatawan anumang oras.
- Maaaring tanggihan o bawiin ng pasyente/magulang o legal na kinatawan ang pahintulot anumang oras. Kung tatanggihan ang inirerekomendang pangangalaga, ipapaliwanag ng klinisyan ng pasyente ang mga posibleng panganib ng pagtanggi.
- Ito ay pangkalahatang pahintulot para sa pagsusuri at karaniwang pangangalaga, kabilang ang mga immunization/bakunang inirerekomenda ng manggagamot. Maaaring mangailangan ng hiwalay at tiyak na pahintulot o abiso bago ibigay ang ilang pamamaraang medikal, gamot, pagsusuri, dental na paggamot, serbisyo sa kalusugang pangkaisipan at pag uugali, o iba pang serbisyo.

2. Mga Appointment sa Telehealth

Ang telehealth ay nangangahulugang pagtanggap ng mga serbisyong pangkalusugan gamit ang audio, video, o iba pang teknolohiya ng elektronikong komunikasyon. Kung pipiliin ang telehealth, sa paglagda sa ibaba, ang pasyente/magulang o legal na kinatawan ay nauunawaan at sumasang-ayon na:

- Hindi para sa mga emerhensiya ang telehealth. Sa emerhensiya, tatawag ang pasyente/magulang o legal na kinatawan sa 911 o pupunta sa pinakamalapit na emergency room.
- Ang telehealth ay boluntaryo. Maaaring humiling ang pasyente/magulang o legal na kinatawan ng personal na pagbisita at maaaring bawiin ang pahintulot sa telehealth anumang oras.
- Bago ibigay ang mga serbisyo sa telehealth, ipaalam ng provider na nagsisimula ng telehealth sa pasyente/magulang o legal na kinatawan ang paggamit ng telehealth at idodokumento ang ibinigay na pahintulot ayon sa itinakda ng batas.
- Maaaring mapabuti ng telehealth ang access at kaginhawahan, ngunit maaari itong magkaroon ng mga limitasyon kumpara sa personal na pagbisita, gaya ng mga problema sa teknolohiya o limitadong kakayahang maisagawa ng pisikal na pagsusuri.
- Maaaring magrekomenda ang klinisyan ng pasyente ng personal na pagbisita o mas mataas na antas ng pangangalaga kung hindi naaangkop ang telehealth.
- Makikilahok ang pasyente/magulang o legal na kinatawan mula sa pribadong lugar, kung posible, upang maprotektahan ang pagkapribado ng pasyente. Hindi ire-record ang mga pagbisita sa telehealth nang walang pahintulot ng pasyente/magulang o legal na kinatawan.
- Sa simula ng pagbisita sa telehealth, maaaring hingin sa pasyente/magulang o legal na kinatawan na kumpirmahin ang pagkakakilanlan at lokasyon ng pasyente. Kung maputol ang koneksiyon, maaaring tawagan muli ng empleyado ang pasyente/magulang o legal na kinatawan.

3. Pananagutang Pinansyal at mga Tantiya

- Magbibigay ang pasyente/magulang o legal na kinatawan ng kumpleto at tumpak na impormasyon sa insurance at agad na ipapaalam sa Opsam ang anumang pagbabago. Pinahihintulutan din nila ang Opsam Health na singilin ang planong pangkalusugan ng pasyente at tumanggap ng bayad para sa mga sakop na serbisyo, kung naaangkop.
- Pananagutan lamang ng pasyente/magulang o legal na kinatawan ang mga halagang maaaring legal na singilin alinsunod sa naaangkop na batas, mga tuntunin ng payer, at mga kontrata ng provider. Maaaring kabilang dito ang copay, deductible, coinsurance, share-of-cost, o mga hindi sakop na serbisyo kapag

pinahihintulutan ng batas at naibigay ang anumang kinakailangang abiso o pahintulot.

- Hindi sisingilin ng Opsam Health ang pasyente o responsableng partido para sa mga halagang ipinagbabawal singilin ng naaangkop na batas o mga tuntunin ng payer, kabilang ang Medicare cost-sharing para sa mga pasyenteng dual eligible/QMB kapag naaangkop ang mga proteksiyong iyon.
- Para sa mga pasyente ng Original Medicare, kung naniniwala ang Opsam Health na maaaring hindi bayaran ng Medicare ang serbisyo, magbibigay ang Opsam Health ng anumang kinakailangang Advance Beneficiary Notice o iba pang kinakailangang abiso bago ang serbisyo.
- Kung walang insurance ang pasyente o piniling huwag gumamit ng insurance/self-pay, magbibigay ang Opsam Health ng nakasulat na Good Faith Estimate ng inaasahang mga singil sang ayon sa batas, kabilang kapag naka-iskedyul ang mga kwalipikadong serbisyo o hiniling ang isang tantiya.

4. Pagkapribado at Abiso sa mga Kasanayan sa Pagkapribado

- Ang Opsam Health ay nakatuon sa pagprotekta sa pagkapribadong impormasyong pangkalusugan ng pasyente.
- Kinikilala ng pasyente/magulang o legal na kinatawan ang pagtanggap sa Abiso sa mga Kasanayan sa Pagkapribado (NPP) ng Opsam Health. Ipinapaliwanag ng NPP kung paano maaaring gamitin at ibahagi ng Opsam Health ang impormasyon ng pasyente, ang mga karapatan ng pasyente sa pagkapribado, ang mga tungkulin ng Opsam Health, at kung paano maghain ng reklamo.
- Nauunawaan ng pasyente/magulang o legal na kinatawan na maaaring humiling anumang oras ng papel o elektronikong kopya ng NPP.
- Kung tumanggi o hindi makalagda ang pasyente/magulang o legal na kinatawan sa pagkilalang ito, maaaring idokumento ng Opsam Health ang mabuting-pananampalatayang pagsisikap nitong ibigay ang NPP at ang dahilan kung bakit hindi nakuha ang pagkilala.

5. Health Information Exchange (HIE) at Espesyal na Protektadong Impormasyon

Ang Health Information Exchange, gaya ng San Diego Health Connect, ay tumutulong sa mga kalahok na organisasyon na ligtas na magbahagi ng impormasyong pangkalusugan upang suportahan ang pangangalaga sa pasyente.

- Maliban kung di sumali ang pasyente/magulang o legal na kinatawan sa ibaba, maaaring gawing available sa pamamagitan ng HIE ang impormasyong pangkalusugan ng pasyente sa ibang kalahok na organisasyong sangkot sa pangangalaga ng pasyente, ayon sa itinakda ng batas.
- Hindi pinapawalang-bisa ng pagbabahagi sa HIE ang mga batas na nangangailangan ng karagdagang pahintulot o awtorisasyon, o naglilimita sa

pagsisiwalat ng espesyal na protektadong impormasyon. Maaaring kabilang sa espesyal na protektadong impormasyon, kapag naaangkop, ang mga rekord ng paggamot sa substance use disorder, mga tala sa psychotherapy, impormasyon sa kalusugang reproduktibo, abortion, kontrasepsiyon, pangangalagang nagpapatibay ng kasarian, impormasyon sa HIV/STI o nakahahawang sakit, mga serbisyong pinahintulutan ng menor de edad, impormasyon sa genetic testing, at iba pang rekord na protektado ng batas pederal o ng California.

- Kahit mag-opt out ang pasyente/magulang o legal na kinatawan, maaari pa ring isiwalat ang impormasyon ayon sa hinihingi o pinahihintulutan ng batas, kabilang sa mga emerhensiya o para sa ilang layunin ng pampublikong kalusugan, pagbabayad, o mga operasyon sa pangangalagang pangkalusugan.

☐ **HUWAG ibahagi sa ngayon ang impormasyong pangkalusugan ng pasyente sa pamamagitan ng San Diego Health Connect/HIE. Nauunawaan ng pasyente/magulang o legal na kinatawan na maaaring baguhin ang pasyang ito sa ibang pagkakataon.**

6. Portal ng Pasyente at Elektronikong Komunikasyon

Nag-aalok ang Opsam Health ng ligtas na Patient Portal para sa mga hindi agarang mensahe. Maaaring magpadala ang Opsam Health ng mga tagubilin sa pag-activate ng portal maliban kung mag-opt out ang pasyente/magulang o legal na kinatawan sa ibaba. Kung gagamitin ang Patient Portal, ang pasyente/magulang o legal na kinatawan ay nauunawaan at sumasang-ayon na:

- Para sa hindi agarang komunikasyon ang portal. Para sa mga emerhensiya, tatawag ang pasyente/magulang o legal na kinatawan sa 911 o pupunta sa pinakamalapit na emergency room.
- Hindi mino-monitor ang mga mensahe sa portal nang 24/7. Layunin ng Opsam Health na tumugon sa loob ng 3 araw ng trabaho.
- Maaaring maging bahagi ng medikal na rekord ng pasyente ang mga mensahe sa portal.
- Responsibilidad ng pasyente/magulang o legal na kinatawan na panatilihin pribado ang login at password ng portal. Kung ibabahagi ang login, maaaring ma-access ng iba ang impormasyong pangkalusugan ng pasyente.
- Ang mga text message, email, o ibang komunikasyong wala sa portal, kung inaalok, ay maaaring pangasiwaan sa pamamagitan ng hiwalay na mga kagustuhan o pahintulot sa komunikasyon kapag kinakailangan.

☐ **HINDI, Huwag munang magbigay ng access o mga tagubilin para sa pag-activate ng Patient Portal.**

7. AI Scribe, Pagre-record, at Komunikasyong Tinutulungan ng AI

Maaaring gumamit ang mga clinician ng Opsam Health ng ligtas na generative Artificial Intelligence (AI) documentation tool habang bumibisita ang pasyente kung pumapayag ang pasyente/magulang o legal na kinatawan (lagyan ng tsek ang OO) sa ibaba.

- Ginagamit lamang ang AI upang tumulong sa pagsulat ng mga tala at hindi para sa mga medikal na desisyon. Ang klinisyan ng pasyente ang responsable sa pangangalaga ng pasyente. Kung pumapayag ang pasyente/magulang o legal na kinatawan, maaaring iproseso ng tool ang impormasyon mula sa pagbisita ng pasyente, gumawa ng audio recording o transcript para sa dokumentasyon, at bumuo ng draft na tala upang matulungan ang klinisyan na idokumento ang pangangalaga ng pasyente. Ang klinisyan ang sumusuri, nag-e-edit, at nananatiling responsable para sa pinal na tala..
- Walang gagawing audio recording ng pagbisita para sa layuning ito maliban kung malinaw na pumayag ang pasyente/magulang o legal na kinatawan. Ang anumang audio recording na ginawa para sa layuning ito ay buburahin sa loob ng 7 araw maliban kung ipinaalam ng Opsam Health ang ibang panahon ng pagpapanatili at nakuha ang anumang kinakailangang pahintulot.
- Sa California, karaniwang kinakailangan ang pahintulot ng lahat ng panig upang i-record ang isang kumpidensiyal na pag-uusap.
- Kung gumagamit ang Opsam Health ng AI upang ihanda ang klinikal na komunikasyon sa pasyente sa paraang nangangailangan ng abiso sa pasyente, isasama ng Opsam Health ang kinakailangang abiso at mga tagubilin sa pakikipag-ugnayan.

Pagpili para sa pagre-record ng pagbisita at dokumentasyong may tulong ng AI (pumili ng isa):

- ☐ Oo, pumapayag ang pasyente/magulang o legal na kinatawan sa pagre-record at paggamit ng AI-assisted na dokumentasyon para sa mga layunin ng pagdodokumento ng medikal na rekord.
- ☐ Hindi, hindi pumapayag ang pasyente/magulang o legal na kinatawan sa pagre-record o dokumentasyong tinutulungan ng AI para sa layunin ng pagdodokumento ng medikal na rekord.

Nauunawaan ng pasyente/magulang o legal na kinatawan na maaaring baguhin anumang oras ang pasyang tumanggi o tumanggap at hindi maapektuhan ang pangangalaga ng pasyente kung tatanggihan ang pahintulot. Kung tatanggihan, idodokumento ng klinisyan ang pagbisita gamit ang karaniwang pamamaraan.

8. Paunang Direktiba sa Pangangalagang Pangkalusugan

Ipinaalam sa pasyente/magulang o legal na kinatawan na ang Paunang Direktiba sa Pangangalagang Pangkalusugan ay isang legal na dokumentong nagpapahintulot sa pasyente na isaad ang mga kagustuhan sa pangangalagang pangkalusugan at magtalaga ng taong gagawa ng mga desisyon kung hindi ito magagawa ng pasyente. Kinikilala ng pasyente/magulang o legal na kinatawan ang sumusunod:

Kalagayan ng Paunang Direktiba sa Pangangalagang Pangkalusugan:

- ☐ May Paunang Direktiba sa Pangangalagang Pangkalusugan ang pasyente at nais niyang idagdag ito ng Opsam Health sa rekord ng pasyente.
(Mangyaring magbigay ng kopya sa kawani)
- ☐ Nais ng pasyente/magulang o legal na kinatawan na makatanggap ng impormasyon tungkol sa Paunang Direktiba sa Pangangalagang Pangkalusugan.
- ☐ Walang Paunang Direktiba sa Pangangalagang Pangkalusugan ang pasyente at hindi humihiling ang pasyente/magulang o legal na kinatawan ng impormasyon tungkol sa mga ito.

9. Pahintulot ng Menor de Edad at mga Kumpidensiyal na Serbisyo

- Sa ilang sitwasyon, pinahihintulutan ng batas ng California ang mga menor de edad na magbigay ng sariling pahintulot sa ilang serbisyo. Sa mga sitwasyong iyon, maaaring kailanganin ang pahintulot ng menor de edad, at maaaring kailanganin ang awtorisasyon ng menor de edad bago isiwalat ang ilang impormasyon sa magulang, tagapag-alaga, o ibang tao, maliban kung pinahihintulutan o hinihingi ng batas ang pagsisiwalat.
- Ang proxy access sa portal, mga komunikasyon sa pagsingil, mga paalala sa appointment, at mga rekord ng kahilingan ay maaaring limitahan o ibahin ang pamamaraan upang maprotektahan ang kumpidensiyal na mga serbisyong pinahihintulutan ng menor de edad.

10. Pagkilala sa Karagdagang Kinakailangang mga Abiso

Nauunawaan ng pasyente/magulang o legal na kinatawan na maaaring magbigay ang Opsam Health ng mga kinakailangang abiso at form ng pahintulot nang hiwalay, elektroniko, sa papel, sa pamamagitan ng pagpo-post, o sa pamamagitan ng patient portal ayon sa pinahihintulutan ng batas. Maaaring kabilang dito, kapag naaangkop:

- Abiso sa mga Kasanayan sa Pagkapribado
- Mga abiso sa Good Faith Estimate/No Surprises Act para sa mga serbisyong walang insurance, self-pay, o out-of-network
- Mga abiso tungkol sa tulong sa wika, access para sa may kapansanan, at walang diskriminasyon

- Mga abiso at pahintulot na partikular sa serbisyo para sa dental, kalusugang pangkaisipan at pag uugali, mga rekord ng substance use disorder, mga serbisyong pinahintulutan ng menor de edad, kalusugang reproductibo, mga pamamaraan, gamot, o iba pang espesyal na protektadong serbisyo

Hindi pinapalitan ng pagkilalang ito ang anumang kumpletong abiso, awtorisasyon, o pahintulot na partikular sa serbisyo na hinihingi ng batas o patakaran ng Opsam Health.

Lagda

Sa paglagda, kinikilala ng pasyente/magulang o legal na kinatawan na nabasa at/o naipaliwanag ang form na ito, na nabigyan siya ng pagkakataong magtanong at tumanggap ng kopya, at na nauunawaan ang mga tuntunin at abiso.

Lagda:

Petsa:

Pangalan ng Pasyente/Kinatawan:

Relasyon/Awtoridad:

MAY KAALAMANG PAHINTULOT PARA SA MGA SERBISYO SA KALUSUGANG PANGKAISIPAN AT PAG-UUGALI

Buong Pangalan ng Pasyente: _____

Petsa ng Kapanganakan: _____ **Petsa:** _____

Mahalagang Paalala

Ang pahintulot na ito na partikular sa serbisyo ay naaangkop lamang sa mga serbisyo ng therapy sa kalusugang pangkaisipan at pag-uugali ng Opsam Health. Karagdagan ito sa Pahintulot at mga Paunawa para sa mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan / Pagkilala at Pahintulot ng Pasyente at sa Paunawa sa mga Gawain sa Pagkapribado ng Opsam Health. Tinatalakay ng mga pangkalahatang form na iyon ang pangkalahatang pahintulot sa pangangalaga, mga tuntunin sa telehealth, pananagutang pinansiyal, pagkapribado, Palitan ng Impormasyong Pangkalusugan, portal ng pasyente, mga pagpili sa AI scribe/pagre-record, mga serbisyong pinahintulutan ng menor de edad, at iba pang mga paunawang naaangkop sa lahat ng pasyente. Ang form na ito ay hindi awtorisasyon sa HIPAA at hindi nagpapahintulot sa paglabas ng mga rekord o tala ng psychotherapy.

1. Proseso ng Therapy sa Kalusugang Pangkaisipan at Pag-uugali

Nagbibigay ang Opsam Health ng therapy sa kalusugang pangkaisipan at pag-uugali upang tulungan ang mga pasyente na tugunan ang mga alalahanin sa kalusugang pangkaisipan, emosyon, relasyon, pag-uugali, at stress sa buhay. Makikipagtulungan sa inyo ang inyong therapist upang tukuyin ang mga layunin sa paggamot, bumuo ng plano sa paggamot, at suriin ang progreso. Mahalaga ang inyong pananaw at puna. Maaari kayong magtanong at sumang-ayon o hindi sumang-ayon sa mga rekomendasyon ng therapist.

Maaaring kabilang sa therapy ang ebalwasyon, indibidwal o pampamilyang sesyon kung naaangkop, edukasyon, maikling pagsasanay sa kasanayan, koordinasyon ng pangangalaga, at mga referral. Karaniwang humigit-kumulang 60 minuto ang unang ebalwasyon. Ang mga follow-up na sesyon ay karaniwang humigit-kumulang 30 minuto, at ang maikling modelo ng therapy ng Opsam Health ay madalas na may humigit-kumulang 6 hanggang 13 sesyon. Maaaring magbago ang haba, dalas, at uri ng serbisyo batay sa klinikal na pangangailangan, kagustuhan ng pasyente, rekomendasyon ng klinisyan, availability, at mga kinakailangan ng insurance o programa.

Maaaring makatulong ang therapy na mapabuti ang mga sintomas, mga kasanayan sa pagharap, mga relasyon, at paggana, ngunit hindi magagarantiyahan ang mga resulta. Ang pagtalakay sa mahihirap na usapin ay maaaring pansamantalang magpalala ng lungkot, galit, pagkabalisa, pagkalito, o iba pang pagkabahala. Maaaring magrekomenda ang therapist ng ibang tagapagbigay, pagsusuri sa gamot, mapagkukunan sa komunidad, grupo o programa, mas mataas na antas ng pangangalaga, o serbisyong emerhensiya kung hindi ligtas o epektibong matutugunan ng mga serbisyo ng therapy ng Opsam Health ang inyong mga pangangailangan.

2. Mga Serbisyo sa Telehealth para sa Kalusugang Pangkaisipan at Pag-uugali

Maaaring ibigay nang personal o sa telehealth ang therapy sa kalusugang pangkaisipan at pag-uugali kapag angkop sa klinikal na kalagayan. Ang telehealth ay pagtanggap ng mga serbisyo sa pamamagitan ng audio, video, o ibang teknolohiya ng elektronikong komunikasyon.

Inilalarawan ng Pangkalahatang Pahintulot ang mga tuntunin sa telehealth na karaniwang naaangkop sa mga serbisyo ng Opsam Health; tinatalakay ng seksiyong ito ang mga partikular na konsiderasyon sa telehealth para sa kalusugang pangkaisipan at pag-uugali.

- Maaaring makaapekto ang telehealth sa pagkapribado, komunikasyon, at therapeutic na ugnayan. Maaaring magkaroon ng hindi pagkakaunawaan, aberya sa teknolohiya, pagkaantala, o hirap sa pagdinig o pagkakita sa isa't isa.
- Dapat kayong lumahok mula sa isang pribado at ligtas na lugar kung saan malaya kayong makapagsalita at hindi nagmamaneho o nasa kalagayang hindi makapagtuon nang ligtas sa sesyon.
- Sa simula ng sesyon sa telehealth, maaaring kumpirmahin ng therapist ang inyong buong pangalan, kasalukuyang pisikal na lokasyon, numero ng telepono, at emergency contact upang makahiling ng emerhensiyang tulong kung kailangan.
- Ang telehealth ay hindi para sa mga emerhensiya o pagpapatatag sa panahon ng krisis. Maaaring magrekomenda ang therapist ng personal na pagbisita, emerhensiyang pagsusuri, o mas mataas na antas ng pangangalaga kung ang telehealth ay hindi klinikal na naaangkop.
- Hindi pinahihintulutan ng form na ito ang pasyente o tagapagbigay na mag-record ng mga sesyon o gumamit ng dokumentasyong tinutulungan ng AI. Ang anumang pagrerecord o dokumentasyong tinutulungan ng AI ay pinangangasiwaan lamang sa ilalim ng Pangkalahatang Pahintulot at anumang kinakailangang hiwalay o partikular na pahintulot para sa pagbisita.

3. Pag-iskedyul ng Appointment, Pagdalo, at Pagkansela

Karaniwang iniiskedyul ang mga sesyon sa kalusugang pangkaisipan at pag-uugali kada dalawang linggo sa parehong araw at oras kapag posible. Nakakatulong ang regular na pagdalo sa progreso at pagpapatuloy ng pangangalaga. Maaaring magrekomenda ang therapist ng ibang iskedyul o mga referral depende sa uri at tindi ng inyong mga alalahanin.

Mangyaring ipagbigay-alam sa Opsam Health nang hindi bababa sa 24 oras bago ang nakatakdang oras kung kailangan mong magkansela o magpalit ng iskedyul ng appointment. Ang tatlo o higit pang hindi nadaluhang appointment o pagkansela nang wala pang 24 na oras na abiso ay maaaring humantong sa pagsusuri ng inyong plano sa paggamot at maaaring maging batayan sa paghinto ng mga serbisyo ng therapy kung ang hindi pagdalo ay nakahahadlang sa epektibong paggamot. Kung ihihinto ang mga serbisyo ng therapy, susubukan ng Opsam Health na makipag-ugnayan sa inyo at, kung naaangkop, magbigay ng mga referral o iba pang mapagkukunan ng tulong.

4. Availability ng Therapist, Agarang Pangangailangan, at mga Emerhensiya

Ang mahahalagang usapin ay karaniwang mas mainam na talakayin sa panahon ng mga nakatakdang sesyon. Maaari kayong mag-iwan ng mensahe para sa therapist o pangkat ng pangangalaga sa kalusugang pangkaisipan at pag-uugali gamit ang ibinigay na paraan ng pakikipag-ugnayan. Malinaw na iwan ang inyong pangalan, numerong matatawagan, maikling dahilan ng tawag, at kung agarang usapin ito. Ang mga mensahe, mensahe sa portal, at karaniwang pakikipag-ugnayan sa klinika ay hindi mino-monitor sa lahat ng oras (24 oras bawat araw, 7 araw bawat linggo).

Kung naniniwala kang ikaw o ang ibang tao ay maaaring nasa agarang panganib, tumawag sa 911 o pumunta sa pinakamalapit na emergency room. Para sa suporta sa krisis sa kalusugang pangkaisipan, tumawag o mag-text sa 988 o makipag-ugnayan sa San Diego Access and Crisis

Line sa 1-888-724-7240. Para sa mga hindi emerhensiyang mapagkukunan ng tulong sa komunidad, kalusugan, o serbisyong panlipunan sa San Diego, i-dial ang 2-1-1.

5. Pagiging Kumpidensiyal sa Therapy sa Kalusugang Pangkaisipan at Pag-uugali

Ang mga komunikasyon sa kalusugang pangkaisipan at pag-uugali ay kumpidensiyal alinsunod sa mga naaangkop na pederal at batas sa pagkapribado ng California, pati na rin sa mga patakaran ng Opsam Health tungkol sa pagkapribado. Ipinaliliwanag ng Pangkalahatang Pahintulot at Paunawa sa mga Gawain sa Pagkapribado ang pangkalahatang paggamit at pagsisiwalat ng impormasyong pangkalusugan, Palitan ng Impormasyong Pangkalusugan, komunikasyon sa portal ng pasyente, mga awtorisasyon, at impormasyong may espesyal na proteksiyon. Nakatuon ang bahaging ito sa mga inaasahan sa pagiging kumpidensiyal na partikular sa therapy para sa kalusugang pangkaisipan at pag-uugali.

Maliban kung pinahihintulutan o kinakailangan ng batas, hindi ibubunyag ng Opsam Health ang inyong impormasyon sa therapy sa kalusugang pangkaisipan at pag-uugali sa labas ng Opsam Health at ng iyong kasangkot na pangkat ng pangangalaga nang walang nakasulat mong pahintulot. Maaaring kumonsulta ang therapist sa mga superbisor o ibang klinisyan ng Opsam Health kung naaangkop para sa paggamot, koordinasyon ng pangangalaga, pangangasiwa, kalidad, o ibang pinahihintulutang layunin sa pangangalagang pangkalusugan.

Ang mga halimbawa ng mga sitwasyon kung saan maaaring pahintulutan o kailanganin ng batas ang pagsisiwalat ng impormasyon ay kinabibilangan, ngunit hindi limitado sa mga sumusunod:

- Kapag may seryosong pag-aalala na maaari magdulot ng panganib sa sarili o sa iba;
- Pinaghihinahinalang pang-aabuso, pagpapabaya, o pagsasamantala sa bata, nakatatanda, umaasang adult, o ibang taong protektado ng batas;
- Isang utos ng hukuman, subpoena, o ibang legal na kinakailangan;
- Isang medikal o psychiatric na emerhensiya
- Paggamot, pagbabayad, mga operasyon sa pangangalagang pangkalusugan, o ibang pagsisiwalat na pinahihintulutan ng batas at inilalarawan sa Paunawa sa mga Gawain sa Pagkapribado ng Opsam Health.

6. Paggamot sa mga Menor de Edad at mga Kumpidensiyal na Serbisyo

Pangkalahatang tinatalakay ng Pangkalahatang Pahintulot ang pahintulot ng menor de edad at mga kumpidensiyal na serbisyo. Sa therapy sa kalusugang pangkaisipan at pag-uugali, madalas na kasangkot ang mga magulang at legal na tagapag-alaga sa pangangalaga ng menor de edad na pasyente. Kasabay nito, maaaring pahintulutan ng batas ng California ang menor de edad na pumayag sa ilang serbisyo at maaaring mangailangan ng awtorisasyon ng menor bago ibahagi ang ilang impormasyon sa magulang, tagapag-alaga, o ibang tao, maliban kung pinahihintulutan o kinakailangan ng batas ang pagsisiwalat.

Tatalakayin ng therapist ang mga hangganan ng pagiging kumpidensiyal sa menor de edad na pasyente at sa magulang o legal na kinatawan sa simula ng paggamot at kung naaangkop habang nagpapatuloy ang pangangalaga. Kapag pinahihintulutan at angkop sa klinikal na kalagayan, maaaring ibahagi ng therapist sa magulang o legal na kinatawan ang pangkalahatang progreso sa paggamot, pagdalo, mga alalahanin sa kaligtasan, at mga rekomendasyon sa paggamot. Maaaring manatiling kumpidensiyal ang mga tiyak na komunikasyon sa therapy kung kinakailangan o pinahihintulutan ng batas. Maaaring mangailangan ang mga alalahanin sa kaligtasan ng pagsisiwalat o emerhensiyang pagkilos.

7. Pakikilahok ng Pasyente at Kaligtasan sa mga Sesyon

Mangyaring dumalo sa mga sesyon sa kalagayang makapagbibigay-daan sa ligtas at makabuluhang pakikilahok. Huwag dumalo habang may kapansanan sa pag-iisip o pagkilos

dahil sa alak, cannabis, ilegal na droga, kontroladong substansiyang hindi inireseta, o maling paggamit ng inireseta o nabibiling gamot. Hindi nito pinipigilan ang pagtalakay sa paggamit ng substansiya o mga kaugnay na alalahanin sa therapy.

Kung matukoy ng therapist na hindi kayo makakalahok nang ligtas o makabuluhan, maaaring muling iiskedyul ng therapist ang sesyon, magrekomenda ng ibang uri o antas ng pangangalaga, makipag-ugnayan sa emerhensiyang suporta, o gumawa ng ibang angkop na hakbang na klinikal.

8. Mga Bayarin, Insurance, at mga Tanong sa Coverage

Tinatalakay sa Pangkalahatang Pahintulot at mga kaugnay na paunawang naaangkop sa lahat ng pasyente ang pananagutang pinansiyal, pagsingil sa insurance, at mga pagtataya ng gastos. Maaaring mag-iba ang coverage at mga benepisyo sa kalusugang pangkaisipan at pag-uugali ayon sa health plan, diagnosis, pagiging kwalipikado, uri ng serbisyo, pakikilahok ng tagapagbigay, at mga kinakailangan sa awtorisasyon. Makipag-ugnayan sa inyong health plan para sa mga tanong tungkol sa benepisyo at coverage. Masasagot ng empleyado sa pagsingil ng Opsam Health ang mga tanong tungkol sa singil ng klinika.

9. Mga Reklamo at Paunawa sa mga Kliyente

Sineseryoso ng Opsam Health ang mga alalahanin ng pasyente. Maaaring talakayin ng mga pasyente ang mga alalahanin sa kanilang therapist, humiling na makausap ang superbisor o tagapamahala ng klinika, o gamitin ang proseso ng reklamo o karaingan ng Opsam Health. Hindi nito nililimitahan ang inyong karapatang makipag-ugnayan sa panlabas na ahensiya o lupon ng paglilisensiya.

Para sa mga reklamo o karaingan, maaari kayong makipag-ugnayan sa Compliance ng Opsam Health sa **(209) 683-5057**, sa email na **compliance@opsam.org**, o sa pamamagitan ng liham sa Compliance Department, Opsam Health, 637 3rd Avenue, Suite E1, Chula Vista, CA, 91910.

Paunawa sa mga Kliyente

Tumatanggap at tumutugon ang Board of Behavioral Sciences sa mga reklamong may kaugnayan sa mga serbisyong ibinigay sa loob ng saklaw ng pagsasanay ng marriage and family therapists, lisensiyadong educational psychologists, clinical social workers, o professional clinical counselors. Maaari ninyong kontakin ang Board online sa www.bbs.ca.gov o tumawag sa (916) 574-7830.

Maaaring kumpletuhin sa ibaba ang impormasyon sa paunawa ng klinisyan para sa itinalagang klinisyan, o maaaring ibigay ng Opsam Health ang impormasyong ito sa isang hiwalay na nakasulat na Paunawa sa mga Kliyente at idokumento ang pagbibigay nito sa rekord ng pasyente.

☐ Ibinigay ang hiwalay na nakasulat na Paunawa sa mga Kliyente at idinokumento sa rekord ng pasyente.

Buong pangalang nakatala sa BBS	Uri ng lisensiya/rehistro	Numero ng lisensiya/rehistro	Petsa ng pag-expire

10. Pagkilala at Pahintulot ng Pasyente

Sa pagpirma sa ibaba, kinikilala kong nabasa ko ang May Kaalamang Pahintulot para sa mga Serbisyo sa Kalusugang Pangkaisipan at Pag-uugali, o ipinaliwanag ito sa akin, at nagkaroon ako ng pagkakataong magtanong. Nauunawaan at sinasang-ayunan ko ang mga tuntuning kaugnay ng aking mga serbisyo ng therapy sa kalusugang pangkaisipan at pag-uugali at pumapayag akong tumanggap ng mga serbisyong ito mula sa Opsam Health. Nauunawaan kong maaari akong magtanong o bawiin ang pahintulot sa therapy anumang oras, at maaaring talakayin ng therapist ang mga posibleng panganib, alternatibo, referral, o pagpapalano ng paglipat o pagtatapos ng pangangalaga kung tatanggihan o ihihinto ang therapy.

Pangalan ng pasyente (PRINT):

Petsa ng kapanganakan:

Petsa ng pagpirma:

Telepono:

Lagda ng pasyente: _____

Kung nilagdaan ng ibang tao maliban sa pasyente:

- ☐ Magulang o legal na tagapag-alaga
☐ Konserbador
☐ Ahente sa pangangalagang pangkalusugan o personal na kinatawan
☐ Iba pa: _____

Paglalarawan ng legal na awtoridad na lumagda: _____

Dokumentasyon ng awtoridad na sinuri, kung naaangkop: _____

Lagda ng legal na kinatawan, kung naaangkop: _____

Petsa ng pagpirma:

Relasyon sa pasyente:

KASUNDUAN SA PAMANTAYAN NG PAG-UUGALI NG PASYENTE AT LIGTAS NA PANGANGALAGA

Buong Pangalan:	Petsa ng Kapanganakan:	Petsa:

Ang Kasunduang ito sa Pamantayan ng Pag-uugali ng Pasyente at Ligtas na Pangangalaga (Kasunduan) ay naaangkop sa pasyente at, kung naaangkop, sa mga miyembro ng pamilya, tagapag-alaga, personal na kinatawan, at mga bisitang kasama ng pasyente o nakikipag-ugnayan sa Opsam Health sa ngalan ng pasyente.

Sa pagpirma sa Kasunduang ito sa ibaba, kinikilala kong ibinigay sa akin ang mga inaasahang pamantayan ng pag-uugali at nauunawaan ko ang mga ito. Hindi nito isinusuko ang mga karapatan ng pasyente at hindi nito nililimitahan ang karapatan sa emerhensiyang pangangalaga, karapatang magsampa ng reklamo o karaingan, karapatang humiling ng mga rekord na medikal, o anumang proteksiyon sa mga karapatang sibil.

1. Paggalang sa Isa't Isa at Walang Diskriminasyon

- Ang Opsam Health ay magbibigay ng mga serbisyo nang walang diskriminasyon at ilalapat ang patakarang ito nang pare-pareho at patas.
- Maaaring humiling ang mga pasyente ng tulong sa wika, mga pantulong na kagamitan, mga naa-access na format, o makatwirang pagbabago para sa kapansanan nang walang bayad.
- Kung ang isang pag-uugali ay maaaring may kaugnayan sa isang medikal na kondisyon, kapansanan, trauma, limitadong kakayahan sa wikang Ingles, kapansanan sa pag-iisip, kondisyon sa kalusugang pangkaisipan, o alalahanin tungkol sa paggamit ng mga nakalululong na sangkap, isasaalang-alang ng Opsam Health ang mga makatwiran, ligtas, at naaangkop na hakbang na klinikal, tulad ng pagpapakalma ng sitwasyon, pagbibigay ng serbisyo ng interpreter, paggamit ng mga pantulong na kagamitan, pagbabago ng paraan ng komunikasyon, pakikilahok ng taong sumusuporta, o muling pagtatakda ng iskedyul bago limitahan ang hindi pang-emerhensiyang pangangalaga.
- Maaaring agad na magsagawa ang Opsam Health ng mga hakbang para sa kaligtasan kapag may makatwirang batayan ng banta, karahasan, pagkakaroon ng sandata, panunubaybay, pangha-harass, pinsala sa ari-arian, o iba pang kilos na nagdudulot ng agarang panganib sa mga empleyado, pasyente, bisita, o sa mismong pasyente.

2. Mga Inaasahan sa Pasyente, Pamilya, Tagapag-alaga, at Bisita

Sumasang-ayon ako na sundin ang mga sumusunod na inaasahan, kasama ang sinumang kasama ko o kumikilos para sa akin habang nakikipag-ugnayan sa Opsam Health:

- Gumamit ng magalang na pananalita at pag-uugali sa mga empleyado, tagapagbigay ng pangangalaga, pasyente, at bisita.
- Huwag magbanta, manakot, mang-harass, manubaybay, manulak, manakit, maghagis ng mga bagay, manira ng ari-arian, humarang sa mga labasan, o gumawa ng agresibong kilos.
- Huwag gumamit ng mga mapanlait na tawag, mapang-abusong komento, o mapanira o diskriminasyong pananalita o kilos batay sa lahi, kulay, ninuno, bansang pinagmulan, pagkamamamayan, katayuan sa imigrasyon, pangunahing wika, relihiyon, kasarian,

- pagbubuntis, identidad o pagpapahayag ng kasarian, oryentasyong seksuwal, edad, kapansanan, kondisyong medikal, impormasyong henetiko, katayuang sibil, pinagmumulan ng bayad, o anumang iba pang katangiang protektado ng batas.
- Huwag magdala ng sandata o mapanganib na bagay sa lugar ng Opsam Health, maliban sa awtorisadong tauhan ng pagpapatupad ng batas o kung kinakailangan ng batas.
 - Huwag gumamit ng alak, sigarilyo, cannabis, ilegal na droga, o maling paggamit ng iniresetang gamot sa bakuran ng Opsam Health. Hindi nito ipinagbabawal ang pag-inom ng gamot ayon sa reseta o pahintulot.
 - Huwag pumunta sa klinika kung ang iyong kondisyon ay maaaring makahadlang sa ligtas na pagbibigay ng pangangalaga o lumikha ng panganib sa kaligtasan. Kung mangyari ito, maaaring muling iiskedyul ng Opsam Health ang hindi agarang pangangalaga at tumulong sa pagtukoy ng mas ligtas na mga opsyon para sa pangangalaga.
 - Igalang ang pagkapribado. Huwag kumuha ng litrato, video, o audio recording ng mga empleyado, pasyente, bisita, rekord na medikal, screen ng computer, o lugar ng klinika nang walang pahintulot. Huwag pumasok sa mga lugar na hindi pinahihintulutan.
 - Huwag magnakaw, magsinungaling sa impormasyon, maling paggamit ng pagkakakilanlan ng ibang tao, pakialaman ang mga kagamitan ng klinika, o gumawa ng ilegal na aktibidad.
 - Sundin ang mga makatwirang patakaran sa kaligtasan ng klinika, mga proseso ng appointment, limitasyon sa bisita, mga kinakailangan sa pagkontrol ng impeksiyon, at mga tuntunin sa komunikasyon sa telehealth/portal.
 - Bantayan ang mga bata at bisitang kasama ko, maliban kung may ibang kasunduan sa mga empleyado.

4. Ano ang Maaaring Mangyari Kung Hindi Masunod ang mga Inaasahan

Pipili ang Opsam Health ng tugon batay sa tindi ng kilos, kaligtasan ng pasyente, kaligtasan ng empleyado, agarang pangangailangang klinikal, mga naunang insidente, at naaangkop na batas. Maaaring kabilang sa mga tugon ang:

- Paalala, pasalitang pagwawasto, o nakasulat na babala.
- Kahilingang itigil ang kilos, lumipat sa ibang lugar, gumamit ng ibang paraan ng komunikasyon, o limitahan ang komunikasyon sa isang itinalagang tao o channel.
- Muling pag-iskedyul ng mga hindi agarang pagbisita sa klinika o paglilipat ng mga ito sa telehealth o ibang ligtas na lugar kapag naaangkop batay sa klinikal na kalagayan.
- Paghiling sa pasyente o bisita na umalis sa klinika para sa araw na iyon kung ligtas itong gawin batay sa klinikal na kalagayan.
- Isang plano upang tugunan ang pag-uugali o isang pagpupulong kasama ang pamunuan ng klinika o pangkat na nagbibigay ng pangangalaga.
- Pagsasangkot ng mga tauhan ng seguridad, mga awtoridad na nagpapatupad ng batas, o mga serbisyong tumutugon sa emerhensiya kapag may karahasan, makatotohanang banta, sandata, panunubaybay, pangha-harass, pinsala sa ari-arian, o iba pang sitwasyong nagdudulot ng agarang panganib sa kaligtasan.
- Pagsusuri para sa posibleng pagwawakas ng ugnayan ng pasyente at tagapagbigay ng pangangalaga kapag paulit-ulit, malubha, o hindi ligtas ang kilos, o hindi na ligtas na maipagpatuloy ang therapeutic na ugnayan.

Mahahalagang limitasyon sa pagwawakas ng pangangalaga: Ang Opsam Health ay hindi tatapusin o lilimitahan ang pangangalaga sa pasyente batay lamang sa anumang protektadong katangian, kapansanan, kahilingan para sa tulong sa wika o makatwirang pagbabago, paghahain ng karaingan o reklamo, paggamit ng mga karapatan ng pasyente, o kawalan ng kakayahang magbayad kung ang naturang pagwawakas o paglilimita ng pangangalaga ay ipinagbabawal ng batas o mga patakaran ng tagapagbayad. Susuriin ng Opsam Health ang mga konsiderasyon kaugnay ng kaligtasan, klinikal na pangangailangan, karapatang sibil, mga patakaran ng tagapagbayad, at pagpapatuloy ng pangangalaga bago tapusin ang hindi pang-emerhensiyang pangangalaga.

5. Kung Wawakasan ng Opsam Health ang Ugnayan ng Pasyente at Tagapagbigay ng Pangangalaga

Kung magpasya ang Opsam Health na tapusin ang ugnayan, magbibigay ang Opsam Health ng nakasulat na abiso maliban kung ang agarang sitwasyon na may kaugnayan sa kaligtasan ay nangangailangan ng ibang tugon na naaayon sa batas. Karaniwang isasama sa abiso ang mga sumusunod:

- Ang petsa ng bisa ng pagwawakas, karaniwang hindi bababa sa 30 araw mula sa petsa ng abiso maliban kung legal na pinahihintulutan ang mas maikling panahon dahil sa agarang panganib sa kaligtasan o iba pang kalagayan.
- Kung paano makatatanggap ang pasyente ng agarang ngunit hindi pang-emerhensiyang pangangalaga na saklaw ng Opsam Health sa panahon ng palugit ng abiso, kapag ito ay naaangkop at ligtas batay sa klinikal na kalagayan.
- Mga tagubilin na tumawag sa 911 o pumunta sa pinakamalapit na emergency room para sa mga emerhensiya.
- Makatwirang impormasyon para sa paglipat ng pangangalaga, na maaaring kabilang ang mga mapagkukunan ng referral, impormasyon sa pakikipag-ugnayan ng health plan/serbisyo sa miyembro, pansamantalang impormasyon sa gamot/refill kapag angkop sa klinikal na kalagayan, at mga tagubilin sa paglilipat ng mga rekord na medikal.
- Kung paano makikipag-ugnayan sa Opsam Health tungkol sa mga rekord na medikal, proseso ng karaingan, at anumang alalahanin sa karapatang sibil o accessibility.

6. Mga Pagkilala ng Pasyente

Nabasa ko at/o ipinaliwanag sa akin ang mga pamantayan ng pag-uugali na nakasaad sa itaas, at nabigyan ako ng pagkakataong magtanong tungkol sa impormasyon sa kasunduang ito. Nauunawaan ko na ang hindi ligtas, nakagagambala, at/o paulit-ulit na hindi angkop na pag-uugali ay maaaring magresulta sa pagbibigay ng babala, pagpapauwi sa akin sa araw na iyon, pagpapatupad ng mga paghihigpit para sa kaligtasan, o pagwawakas ng ugnayan ng pasyente at tagapagbigay ng pangangalaga matapos ang angkop na pagsusuri at abiso. Nauunawaan ko rin na ang kasunduang ito ay hindi nag-aalis o nagsasaisantabi ng aking mga karapatan, kabilang ang aking karapatan sa emerhensiyang pangangalaga, pantay na pagtrato nang walang diskriminasyon, pagkapribado, pag-access sa aking mga medikal na rekord, tulong sa wika, access para sa mga taong may kapansanan, at paghahain ng reklamo o hinaing. Natanggap ko o inalok sa akin ang Paunawa sa mga Karapatan at Responsibilidad ng Pasyente at Abiso at Impormasyon tungkol sa Paghahain ng Reklamo o Hinaing.

Lagda:

Pangalan sa malinaw na pagkakasulat:

Petsa:

Relasyon/Awtoridad:

Para sa Empleyado Lamang — Tumangging Lumagda ang Pasyente

Pangalan ng Empleyado _____

Lagda _____

Petsa _____

FORMULARYO NG IMPORMASYON SA LAKI NG PAMILYA AT KITA (FSI INFO FORM)

(Upang malaman kung kwalipikado ka para sa tulong batay sa Federal Poverty Level - “FPL”)

Ginagamit ang form na ito upang malaman kung maaari kang makatanggap ng tulong mula sa Opsam Health o mga programa ng pamahalaan para sa iyong pangangalagang pangkalusugan batay sa:

1. Ilang tao ang kabilang sa iyong pamilya; at
2. Magkano ang kinikita ng iyong pamilya bago ibawas ang mga buwis.

Kung kailangan mo ng tulong sa pagsagot ng form na ito, sabihin sa aming staff

1. Impormasyon ng Pasyente

Buong Pangalan: _____

Petsa ng Kapanganakan: _____

2. Kung Ayaw Mong Magbigay ng Impormasyon

- ☐ Ayaw kong magbigay ng impormasyon tungkol sa aking pamilya at kita.

Kung pipiliin mo ito, laktawan ang Bilang 3–4 at dumiretso sa Bilang 5 para lumagda.

3. Laki ng Pamilya - Lahat ng taong kasama kong nakatira, kabilang ang aking asawa/registered domestic partner at mga kapamilya sa pamamagitan ng kapanganakan, kasal, o pag-aampon.

Lagyan ng tsek ang lahat ng naaangkop at isulat ang bilang kung kinakailangan.

- ☐ Ako mismo (ang pasyente)
- ☐ Asawa / Kaniyap / Registered Domestic Partner
- ☐ Mga Anak (Ilan? _____)
- ☐ Iba pang mga dependent na kasama kong (Ilan? _____)

KABUUANG BILANG (*Bilangin ang lahat ng napili sa itaas.*) _____

4. Kita ng Pamilya (Kita Bago Ibawas ang mga Buwis) - Isulat ang kita bago ibawas ang buwis ("gross income") ng bawat taong tumutulong sa gastusin sa bahay. Kasama ang kita mula sa trabaho, mga benepisyo, at iba pang nabubuwisang kita.

Aking Kita (bago ibawas ang buwis)	\$ _____	☐ Kada 2 linggo ☐ Kada buwan
Kita ng Asawa / Registered Domestic Partner (bago ibawas ang buwis)	\$ _____	☐ Kada 2 linggo ☐ Kada buwan
Kita ng Ibang Miyembro ng Pamilya (bago ibawas ang buwis)	\$ _____	☐ Kada 2 linggo ☐ Kada buwan
Kita ng Ibang Miyembro ng Pamilya (bago ibawas ang buwis)	\$ _____	☐ Kada 2 linggo ☐ Kada buwan
Kita ng Ibang Miyembro ng Pamilya (bago ibawas ang buwis)	\$ _____	☐ Kada 2 linggo ☐ Kada buwan
KABUUANG KITA (Bilangin ang lahat ng napili sa itaas.)	\$ _____	☐ Kada 2 linggo ☐ Kada buwan

5. Pakibasa at Lagdaan

- Pinatutunayan ko na ang impormasyong aking ibinigay sa form na ito ay totoo.
- Pinahihintulutan ko ang Opsam Health na gamitin ang impormasyong ito upang malaman kung maaari akong makatanggap ng tulong mula sa mga programang nakabatay sa kita.
- Ipapaalam ko sa staff ng Opsam Health anumang oras na magkaroon ng pagbabago sa aking kita.

Lagda:

Petsa:

Pangalan ng Pasyente/Kinatawan:

Relasyon sa Pasyente:

STAFF USE ONLY – PATIENT REFUSED TO FILL OUT & SIGN FORM

Date of refusal: ____ / ____ / ____ Staff full name: _____

Staff signature: _____

Comments (optional): _____

FORMULARYO NG APLIKASYON PARA SA SLIDING FEE DISCOUNT PROGRAM (SFDP)

Maaaring makatulong ang programang ito na mapababa ang iyong bayarin sa Opsam Health. Ang diskwento ay batay sa laki ng iyong pamilya at kabuuang kita. Sagutan ang form na ito kung nais mag-apply.

1. Impormasyon ng Pasyente

Buong Pangalan: _____

Petsa ng Kapanganakan: _____

2. Nais Mo Bang Mag-apply?

- ☐ **OO**, nais kong mag-apply para sa diskwento. *(Sagutan ang natitirang bahagi ng form)*
- ☐ **HINDI**, ayaw kong mag-apply. *(Mangyaring lumagda at lagyan ng petsa sa ibaba.)*

3. Impormasyon sa Insurance ☐ Mayroon akong insurance ☐ Wala akong insurance

4. Katibayan ng Kita (Halimbawa: pinakahuling pay stub, tax return, W-2 o 1099 form, liham ng benepisyo mula sa pamahalaan, o liham mula sa employer.)

Maaari mo bang ibigay ang katibayan ng iyong kita ngayon?

- ☐ **OO**. *(Pakibigay ito sa aming staff.)*
- ☐ **HINDI**. Mayroon akong katibayan ng kita ngunit wala ito sa akin ngayon. Ibibigay ko ito sa loob ng **10 business days**.

(Gamitin ang QR code upang iupload o ihulog sa alinmang klinika ng Opsam Health.)



- ☐ **HINDI**. Hindi ako makapagbigay o makakuha ng katibayan ng kita. *(Kung ito ang iyong pipiliin, pakisagutan ang nasa ibaba AT kumpletuhin nang hiwalay ang Self-Declaration Form.)*
 - ☐ Ang aking employer ay hindi nagbibigay ng pay stub o nakasulat na patunay ng kita.
 - ☐ Binabayaran ako ng cash.
 - ☐ Ako ay self-employed o kumikita sa pansamantalang trabaho.
 - ☐ Hindi ko makontak ang aking kasalukuyan o dating employer.
 - ☐ Ako ay walang trabaho.

5. Pagpapatunay – Pakibasa at Lagdaan

- Pinatutunayan ko na ang lahat ng impormasyong aking ibinigay ay totoo at tama.
- Pinahihintulutan ko ang Opsam Health na gamitin ang impormasyong ito upang malaman kung ako ay kwalipikado para sa Sliding Fee Discount.
- Nauunawaan ko na ako ang sasagot sa aking bayarin hanggang sa maibigay ko ang patunay ng aking kita.
- Ipapasa ko ang aking mga dokumento ng kita sa loob ng **10 business days**.
- Kung hindi ko maibigay ang aking mga dokumento sa tamang oras, sisingilin ako ng buong halaga ng bayarin.
- Ipapaalam ko sa Opsam Health kung may pagbabago sa aking kita o insurance.
- Maaaring magbago ang aking diskwento batay sa bagong impormasyong ibibigay ko, at kung ako ay nakapagbayad nang sobra, maaari akong makatanggap ng refund.

Lagda:

Petsa:

Pangalan ng Pasyente/Kinatawan:

Relasyon sa Pasyente:

STAFF USE ONLY – PATIENT REFUSED TO FILL OUT & SIGN FORM

Date of refusal: ____ / ____ / ____ Staff name (print): _____

Staff signature: _____

Comments (optional):

ABISO TUNGKOL SA OPEN PAYMENTS DATABASE

Ibinabahagi ng Opsam Health ang abisong ito sa mga pasyente ayon sa kinakailangan ng batas ng California.

Ang Open Payments database ay isang pederal na tool na ginagamit upang maghanap ng mga bayad na ginawa ng mga kumpanya ng gamot at device sa mga doktor at teaching hospital. Makikita ito sa: <https://openpaymentsdata.cms.gov>

Ang database na ito ay para lamang sa pagbibigay ng impormasyon. Hindi nito naaapektuhan ang iyong pangangalaga, pagiging kwalipikado para sa mga serbisyo, o halaga ng iyong pangangalaga sa Opsam Health.

Mangyaring magtanong sa aming empleyado kung kailangan mo ng tulong sa paghahanap ng website o pag-unawa sa abisong ito.

PAGKILALA SA PAGTANGGAP

Sa paglagda sa ibaba, kinikilala ng pasyente, magulang, o legal na kinatawan ang pagtanggap sa abisong ito.

Lagda:

Petsa:

Pangalan ng Pasyente/Kinatawan:

Relasyon/Awtoridad:

KASUNDUAN SA PAMANTAYAN NG PAG-UUGALI NG PASYENTE AT LIGTAS NA PANGANGALAGA

Buong Pangalan:	Petsa ng Kapanganakan:	Petsa:

Ang Kasunduang ito sa Pamantayan ng Pag-uugali ng Pasyente at Ligtas na Pangangalaga (Kasunduan) ay naaangkop sa pasyente at, kung naaangkop, sa mga miyembro ng pamilya, tagapag-alaga, personal na kinatawan, at mga bisitang kasama ng pasyente o nakikipag-ugnayan sa Opsam Health sa ngalan ng pasyente.

Sa pagpirma sa Kasunduang ito sa ibaba, kinikilala kong ibinigay sa akin ang mga inaasahang pamantayan ng pag-uugali at nauunawaan ko ang mga ito. Hindi nito isinusuko ang mga karapatan ng pasyente at hindi nito nililimitahan ang karapatan sa emerhensiyang pangangalaga, karapatang magsampa ng reklamo o karaingan, karapatang humiling ng mga rekord na medikal, o anumang proteksiyon sa mga karapatang sibil.

1. Paggalang sa Isa't Isa at Walang Diskriminasyon

- Ang Opsam Health ay magbibigay ng mga serbisyo nang walang diskriminasyon at ilalapat ang patakarang ito nang pare-pareho at patas.
- Maaaring humiling ang mga pasyente ng tulong sa wika, mga pantulong na kagamitan, mga naa-access na format, o makatwirang pagbabago para sa kapansanan nang walang bayad.
- Kung ang isang pag-uugali ay maaaring may kaugnayan sa isang medikal na kondisyon, kapansanan, trauma, limitadong kakayahan sa wikang Ingles, kapansanan sa pag-iisip, kondisyon sa kalusugang pangkaisipan, o alalahanin tungkol sa paggamit ng mga nakalululong na sangkap, isasaalang-alang ng Opsam Health ang mga makatwiran, ligtas, at naaangkop na hakbang na klinikal, tulad ng pagpapakalma ng sitwasyon, pagbibigay ng serbisyo ng interpreter, paggamit ng mga pantulong na kagamitan, pagbabago ng paraan ng komunikasyon, pakikilahok ng taong sumusuporta, o muling pagtatakda ng iskedyul bago limitahan ang hindi pang-emerhensiyang pangangalaga.
- Maaaring agad na magsagawa ang Opsam Health ng mga hakbang para sa kaligtasan kapag may makatwirang batayan ng banta, karahasan, pagkakaroon ng sandata, panunubaybay, pangha-harass, pinsala sa ari-arian, o iba pang kilos na nagdudulot ng agarang panganib sa mga empleyado, pasyente, bisita, o sa mismong pasyente.

2. Mga Inaasahan sa Pasyente, Pamilya, Tagapag-alaga, at Bisita

Sumasang-ayon ako na sundin ang mga sumusunod na inaasahan, kasama ang sinumang kasama ko o kumikilos para sa akin habang nakikipag-ugnayan sa Opsam Health:

- Gumamit ng magalang na pananalita at pag-uugali sa mga empleyado, tagapagbigay ng pangangalaga, pasyente, at bisita.
- Huwag magbanta, manakot, mang-harass, manubaybay, manulak, manakit, maghagis ng mga bagay, manira ng ari-arian, humarang sa mga labasan, o gumawa ng agresibong kilos.
- Huwag gumamit ng mga mapanlait na tawag, mapang-abusong komento, o mapanira o diskriminasyong pananalita o kilos batay sa lahi, kulay, ninuno, bansang pinagmulan, pagkamamamayan, katayuan sa imigrasyon, pangunahing wika, relihiyon, kasarian,

- pagbubuntis, identidad o pagpapahayag ng kasarian, oryentasyong seksuwal, edad, kapansanan, kondisyong medikal, impormasyong henetiko, katayuang sibil, pinagmumulan ng bayad, o anumang iba pang katangiang protektado ng batas.
- Huwag magdala ng sandata o mapanganib na bagay sa lugar ng Opsam Health, maliban sa awtorisadong tauhan ng pagpapatupad ng batas o kung kinakailangan ng batas.
 - Huwag gumamit ng alak, sigarilyo, cannabis, ilegal na droga, o maling paggamit ng iniresetang gamot sa bakuran ng Opsam Health. Hindi nito ipinagbabawal ang pag-inom ng gamot ayon sa reseta o pahintulot.
 - Huwag pumunta sa klinika kung ang iyong kondisyon ay maaaring makahadlang sa ligtas na pagbibigay ng pangangalaga o lumikha ng panganib sa kaligtasan. Kung mangyari ito, maaaring muling iiskedyul ng Opsam Health ang hindi agarang pangangalaga at tumulong sa pagtukoy ng mas ligtas na mga opsyon para sa pangangalaga.
 - Igalang ang pagkapribado. Huwag kumuha ng litrato, video, o audio recording ng mga empleyado, pasyente, bisita, rekord na medikal, screen ng computer, o lugar ng klinika nang walang pahintulot. Huwag pumasok sa mga lugar na hindi pinahihintulutan.
 - Huwag magnakaw, magsinungaling sa impormasyon, maling paggamit ng pagkakakilanlan ng ibang tao, pakialaman ang mga kagamitan ng klinika, o gumawa ng ilegal na aktibidad.
 - Sundin ang mga makatwirang patakaran sa kaligtasan ng klinika, mga proseso ng appointment, limitasyon sa bisita, mga kinakailangan sa pagkontrol ng impeksiyon, at mga tuntunin sa komunikasyon sa telehealth/portal.
 - Bantayan ang mga bata at bisitang kasama ko, maliban kung may ibang kasunduan sa mga empleyado.

4. Ano ang Maaaring Mangyari Kung Hindi Masunod ang mga Inaasahan

Pipili ang Opsam Health ng tugon batay sa tindi ng kilos, kaligtasan ng pasyente, kaligtasan ng empleyado, agarang pangangailangang klinikal, mga naunang insidente, at naaangkop na batas. Maaaring kabilang sa mga tugon ang:

- Paalala, pasalitang pagwawasto, o nakasulat na babala.
- Kahilingang itigil ang kilos, lumipat sa ibang lugar, gumamit ng ibang paraan ng komunikasyon, o limitahan ang komunikasyon sa isang itinalagang tao o channel.
- Muling pag-iskedyul ng mga hindi agarang pagbisita sa klinika o paglilipat ng mga ito sa telehealth o ibang ligtas na lugar kapag naaangkop batay sa klinikal na kalagayan.
- Paghiling sa pasyente o bisita na umalis sa klinika para sa araw na iyon kung ligtas itong gawin batay sa klinikal na kalagayan.
- Isang plano upang tugunan ang pag-uugali o isang pagpupulong kasama ang pamunuan ng klinika o pangkat na nagbibigay ng pangangalaga.
- Pagsasangkot ng mga tauhan ng seguridad, mga awtoridad na nagpapatupad ng batas, o mga serbisyong tumutugon sa emerhensiya kapag may karahasan, makatotohanang banta, sandata, panunubaybay, pangha-harass, pinsala sa ari-arian, o iba pang sitwasyong nagdudulot ng agarang panganib sa kaligtasan.
- Pagsusuri para sa posibleng pagwawakas ng ugnayan ng pasyente at tagapagbigay ng pangangalaga kapag paulit-ulit, malubha, o hindi ligtas ang kilos, o hindi na ligtas na maipagpatuloy ang therapeutic na ugnayan.

Mahahalagang limitasyon sa pagwawakas ng pangangalaga: Ang Opsam Health ay hindi tatapusin o lilimitahan ang pangangalaga sa pasyente batay lamang sa anumang protektadong katangian, kapansanan, kahilingan para sa tulong sa wika o makatwirang pagbabago, paghahain ng karaingan o reklamo, paggamit ng mga karapatan ng pasyente, o kawalan ng kakayahang magbayad kung ang naturang pagwawakas o paglilimita ng pangangalaga ay ipinagbabawal ng batas o mga patakaran ng tagapagbayad. Susuriin ng Opsam Health ang mga konsiderasyon kaugnay ng kaligtasan, klinikal na pangangailangan, karapatang sibil, mga patakaran ng tagapagbayad, at pagpapatuloy ng pangangalaga bago tapusin ang hindi pang-emerhensiyang pangangalaga.

5. Kung Wawakasan ng Opsam Health ang Ugnayan ng Pasyente at Tagapagbigay ng Pangangalaga

Kung magpasya ang Opsam Health na tapusin ang ugnayan, magbibigay ang Opsam Health ng nakasulat na abiso maliban kung ang agarang sitwasyon na may kaugnayan sa kaligtasan ay nangangailangan ng ibang tugon na naaayon sa batas. Karaniwang isasama sa abiso ang mga sumusunod:

- Ang petsa ng bisa ng pagwawakas, karaniwang hindi bababa sa 30 araw mula sa petsa ng abiso maliban kung legal na pinahihintulutan ang mas maikling panahon dahil sa agarang panganib sa kaligtasan o iba pang kalagayan.
- Kung paano makatatanggap ang pasyente ng agarang ngunit hindi pang-emerhensiyang pangangalaga na saklaw ng Opsam Health sa panahon ng palugit ng abiso, kapag ito ay naaangkop at ligtas batay sa klinikal na kalagayan.
- Mga tagubilin na tumawag sa 911 o pumunta sa pinakamalapit na emergency room para sa mga emerhensiya.
- Makatwirang impormasyon para sa paglipat ng pangangalaga, na maaaring kabilang ang mga mapagkukunan ng referral, impormasyon sa pakikipag-ugnayan ng health plan/serbisyo sa miyembro, pansamantalang impormasyon sa gamot/refill kapag angkop sa klinikal na kalagayan, at mga tagubilin sa paglilipat ng mga rekord na medikal.
- Kung paano makikipag-ugnayan sa Opsam Health tungkol sa mga rekord na medikal, proseso ng karaingan, at anumang alalahanin sa karapatang sibil o accessibility.

6. Mga Pagkilala ng Pasyente

Nabasa ko at/o ipinaliwanag sa akin ang mga pamantayan ng pag-uugali na nakasaad sa itaas, at nabigyan ako ng pagkakataong magtanong tungkol sa impormasyon sa kasunduang ito. Nauunawaan ko na ang hindi ligtas, nakagagambala, at/o paulit-ulit na hindi angkop na pag-uugali ay maaaring magresulta sa pagbibigay ng babala, pagpapauwi sa akin sa araw na iyon, pagpapatupad ng mga paghihigpit para sa kaligtasan, o pagwawakas ng ugnayan ng pasyente at tagapagbigay ng pangangalaga matapos ang angkop na pagsusuri at abiso. Nauunawaan ko rin na ang kasunduang ito ay hindi nag-aalis o nagsasaisantabi ng aking mga karapatan, kabilang ang aking karapatan sa emerhensiyang pangangalaga, pantay na pagtrato nang walang diskriminasyon, pagkapribado, pag-access sa aking mga medikal na rekord, tulong sa wika, access para sa mga taong may kapansanan, at paghahain ng reklamo o hinaing. Natanggap ko o inalok sa akin ang Paunawa sa mga Karapatan at Responsibilidad ng Pasyente at Abiso at Impormasyon tungkol sa Paghahain ng Reklamo o Hinaing.

Lagda:

Pangalan sa malinaw na pagkakasulat:

Petsa:

Relasyon/Awtoridad:

Para sa Empleyado Lamang — Tumangging Lumagda ang Pasyente

Pangalan ng Empleyado _____

Lagda _____

Petsa _____